

Paglalagalag sa Multong-Modernidad ng Lungsod at Nayon: Tatlong Akda ni Jun Cruz Reyes bilang Paglalaboy-laboy at Pananaliksik

Ivan Emil A. Labayne

University of the Philippines Los Baños

ABSTRAK

Malapitang binasa ng papel na ito ang tatlong pampanitikang akda ni Jun Cruz Reyes—*Ilang Taon na ang Problema Mo?*, *Tutubi, Tutubi*, *‘Wag Kang Magpahuli sa Mamang Salbahe*, at *Ang Huling Dalagang Bukid at ang Authobiography na Mali: Isang Imbestigasyon*—upang ipanukala ang palaboy bilang Filipinong katapat ng Kanluraning *flaneur*.¹ Sinundan ang pagbubulakbol at pagbubulay-bulay ng palaboy sa tatlong akda, kung saan itinutumbas ito sa mga tauhan ni Reyes, o kay Reyes mismo. Pinagana ang palaboy—na manunulat, mananaliksik, at manlalakbay din—upang lampasan ang pigura ng *flaneur*. Ginawa ito sa pamamagitan ng pagsasakasaysayan ng pag-usbong kapwa ng *flaneur* at ng palaboy. Matatagpuan ang huli sa mga akda ni Reyes: isang aktibistang mag-aaral sa mga unang araw ng Batas Militar; isang mananaliksik na nakikipanayam at nakikipamuhay sa mga nasa laylayan ng lipunan—mga katutubo, isang sniper at organisador para sa rebolusyonaryong kilusan, isang lider-kabataan sa siyudad—at isang guro’t manunulat na tumatawid-tawid sa pagitan ng lungsod kung saan siya nagtuturo at ng kaniyang kinalakhang baryo sa Bulacan. Ang pagsipat sa mga palaboy na ito at sa iba’t ibang uri ng kanilang paggalaw at paglalakbay ay pagmumuni rin tungkol sa mga lungsod at kanayunan at kanilang sari-saring ugnayan.

Mga susing salita: lungsod at kanayunan, Pinoy palaboy, panitikang post-EDSA, espasyo sa panitikan, Jun Cruz Reyes, *Ilang Taon na ang Problema Mo?*, *Tutubi, Tutubi*, *‘Wag Kang Magpahuli sa Mamang Salbahe*, at *Ang Huling Dalagang Bukid at ang Authobiography na Mali: Isang Imbestigasyon*

- 1 Pangkulturang pigura na madalas idinidikit ang pag-usbong sa Paris ng ika-19 na siglo, at sa papasimulang pagsidhi ng industriyalisasyon at kapitalismo. Karaniwang inilarawan bilang may pribilehiyo hindi lamang ng paglalakad, kundi ng pagbubulay-bulay habang pinagmamasdan ang mga bagong-panganak na lungsod, pati ang mga produktong matatagpuan rito.

ABSTRACT

Closely reading three literary works of Jun Cruz Reyes—*Ilang Taon na ang Problema Mo?*, *Tutubi, Tutubi*, *‘Wag Kang Magpahuli sa Mamang Salbahe*, and *Ang Huling Dalagang Bukid at ang Authobiography na Mali: Isang Imbestigasyon*—this paper proposes the image and personage of the *palaboy* as a Filipino counterpart of the Western *flaneur*. The *palaboy* and his meanderings and ruminations are followed and situated in these three works, associating them both with Reyes’s characters and Reyes the author himself. The *palaboy*—which the paper relates to figures like the writer-researcher and the traveler—is mobilized to engage with and go beyond the figure of the *flaneur*. This is done by distinguishing the historical contexts giving rise to the *flaneur* and the *palaboy*, and locating the latter in Reyes’s three works. In these works, the *palaboy* takes the form of a student activist during the first days of Martial Law; a researcher interviewing and living with society’s marginalized—indigenous people, a sniper and an organizer for a revolutionary movement, and a youth leader in the cities—and a writer-teacher going back-and-forth the city where he teaches, and his cherished hometown in Bulacan. Looking closely at these three *palaboy*s and the contexts of their moving about and travels also allows for a reflection on the urban and rural spaces and how they variously intertwine with each other.

Keywords: urban and rural spaces, Pinoy *palaboy*, post-EDSA literature, space in literature, Jun Cruz Reyes, *Ilang Taon na ang Problema Mo?*, *Tutubi, Tutubi*, *‘Wag Kang Magpahuli sa Mamang Salbahe*, at *Ang Huling Dalagang Bukid at ang Authobiography na Mali: Isang Imbestigasyon*

Introduksyon

Manlalakbay si Reyes, at ang marami sa mga tauhan niya. Sabi nga niya sa creative nonfiction na *Ilang Taon na ang Problema Mo?*, “manunulat lamang ako na may makating talampakan at malikot na utak” (Reyes, *Ilang Taon* x). Samantala sa “Mga Anak ng Digma,” “ako’y isang bakasyunistang mahilig magsaliksik”¹ (167). May baryasyon din ang parehong pahayag sa *Ang Huling Dalagang Bukid*: ang paglalakbay pabalik sa kaniyang tinubuang-bayan sa Hagunoy² upang makahanap ng kapanatagan at makapagsulat. “Nangangati na naman ang isip ko. Computer ang pinakamabisang panggamot sa kati ng utak. Gusto ko itong kausap. Gustong muling

kamustahin ng paa ko ang lupa ng bayan ko” (Reyes, *Ang Huling* 192). Nagtatagpo ang nangangating talampakan at nangangating isip—at ang relasyon ng dalawang ito sa pagsusulat. Walang isahang kawsalidad: hindi lang pinapawi ng panulat ang kati ng paa at diwa, dahil maaari ring ang kati ng dalawang ito ang siya namang mag-uudyok sa kati ng panulat.

Hindi lamang ito ang manunulat bilang wardo o romantisadong henyo, kundi bilang lagalag rin. May pisikalidad ang pagiging wardo dahil kung saan-saan nagsususuo, kung saan-saan pumupunta, kung kani-kanino nakikipaghuntahan. Hindi lang ang utak at diwa, kundi pati katawan at kalamnan ang hindi mapakali. Mula rito, mas mauunawaan ang sinabi ni U Eliserio patungkol kay Reyes: “Paminsan-minsan ay nakakasabay ang mga intelektuwal sa karunungan pang-madla” (45). Itong manunulat na ito, at ang mga tauhan niya, na hindi mapakali at mapalagay ay nakikipahalubilo sa mga ordinaryong tao, makikita sa lunan ng mga ordinaryong tao: sa palengke, sa kalsada, sa kanayunan. Muli, walang iisang relasyon ng sanhi at bunga, bunga at sanhi. Maaaring sabihing pinag-aalab lalo ng pakikipahalubilo sa mga tao ang pagiging malikot ng isipan, na siya namang magiging udyok sa, at materyal ng, pagsulat. Puwede ring gumagabay sa panulat ang paniniwalang hindi dapat ito tiwalag sa mga tao, sa mga karanasan, at muni-muni nila, kaya dapat makipahalubilo sa kanila.

Isang paglilinaw: hindi palaging dulot ng sariling pagnanais ang lahat ng mga paglalaglag, pakikipahalubilo, at paglalakbay (gusto ko lang magbakasyon, makauwi ngang Hagonoy; gusto ko lang mag-research, makikipamuhay nga ako sa mga aktibista). Ehemplo ang mga karanasan ni Jo sa *Tutubi*, *Tutubi*, ‘*Wag Kang Magpahuli sa Mamang Salbahe* kung paanong “napilitan” ang mga paglalaglag, bunsod pangunahin ng mga sirkumstansiyang labas sa kontrol ng tauhan. Sa kabila nito, may ahensiya pa rin si Jo, nakahamanap ng mga malikhaing pamamaraan ng pag-iral kahit sa harap ng kasisimulang diktadurya. Kasama sa pag-iral na ito ang pagmumuni sa mga lunang kaniyang dinaraan, kinapapadparan.

Dahil malikot ang paa at lakwatsero ang mga tauhan ni Reyes, maaaring sabihing mas madaling hanapan ng spatiality (kung isasalin bilang *spacialidad*, katunog ng *espesyalidad*, baka maidikit sa espesyalisasyon; parang hindi kanais-nais pakinggan ang “kapuwangan” na “puwang” ang salitang-ugat. Ngunit maaari namang mabawi ng semantikong yaman ang “nakakaasiwang” tunog nitong “kapuwangan,” dahil

bitbit nito ang “ka-puwang” at “kapwa” na nagpapasilip sa mas relasyonal na konsepto natin ng espasyo) ang kaniyang mga akda. Matapos nito, maaari nang iproyekto ang pagsunod (to follow), ang pag-sunod-sunod (to stalk) sa mga tauhan nitong naglalakbay, naglalakad, may tinatalunton (o maaari ring wala, tulad ni Jo, sa maraming bahagi ng *Tutubi, Tutubi*). Higit pa, maipupunto rito ang lunan ng paglalakbay at paglalaglag—saan ito nagaganap, ano ang relasyong binubuo ng mga tauhan ng akda sa lunang ito, at ano ang pinapakita at ginagawa ng mga akda sa mga lunang ito?

Tatlong akda ang sisipatin sa papel: ang *Tutubi, Tutubi*, ‘*Wag Kang Magpahuli sa Mamang Salbahe* (2004), *Ilang Taon na ang Problema mo?* (1995) at *Ang Huling Dalagang Bukid at ang Authobiography na Mali: Isang Imbestigasyon* (2011). Partikular na papansinin ang hitsura ng mga panlunang kategorya ng “lungsod” at “kanayunan,” at paano ito pinagana sa mga akda: paano ito ginalawan at ginalugad ng mga tauhan, ano ang mga pangyayaring pinakita rito, at mga panlipunang relasyon na pinahiwatigan o inilantad sa proseso.

Bago ang pagtalakay sa bawat akda, saglit na tatalakayin at babalikan muna ang Kanluraning *flaneur* upang higit na maipakita kung paanong lumiliko, at kahit katiting ay umuugnay rito ang “palaboy.” Sa proseso, palalawigin ang ideya ng “kapuwangan” bilang kandidatong salin ng spatiality sa katutubong wika. Sa ganang ito, magtatalaban ang mga ideya galing sa labas na sinusubukang iangkop, at angkupon, sa ibang konteksto. Maipapakita ang limitadong paggana ng mga ito, at maaaring ibalandra ang Pilipinong konseptuwalisasyon na nakikipag-usap at nagpapayaman sa mga ideyang galing sa labas.

“Making” Puwang Para sa Palaboy

Mahalagang pag-uulit ang gagawin ni Priscilla Parkhurst Ferguson: representatibo ng modernong urbanidad ang *flaneur* (22). At mas tiyak pa: urbanidad na makikita noon sa buntot ng ika-labinsiyam na siglo sa Paris. Nagmamasid-masid sa mga arcade—isipin siguro ang mga tiyangge sa atin ngayon, taliwas sa dambuhalang malls na papasok nang papasok ng mga tao ngunit ayaw bigyan ng sapat na CR—at sa mas malawak na pampublikong espasyo. Nagpapahalina at nahahalina sa kaniyang pinagmamasdan, ang *flaneur* ay bukas sa karanasan at pagkakataon. Hungkag, ngunit hindi lamang sa negatibong pakahulugan: hungkag kaya mas bukas

sa makikita at mararanasan, ngunit sa parehong dahilan, maaaring masambot ng dinaranas at dinaraan nito (Tester 7). May eksistensiya na katangian ang flaneur: namumuhay at namamahay sa pagitan ng mga bagay-bagay—sa pagitan ng luma at bagong Paris, kung saan mas kakikitaan ng katangian ng kapitalismo ang huli.

Gumagana sa—nasa puwang ng—maraming panahon at pagkakataon ang flaneur kahit pa uulitin kapwa nina Tester at Parkhurst Ferguson ang paglulunan ng flaneur sa Paris noong ika-19 dantaon. Mula kay Tester: Para kay Baudelaire, modernidad ang porma; Paris ang nilalaman. Ang flaneur ang pigura at punto de bistan nananahan sa dalawa, nagpapaisa sa mga ito (17; salin ng may-akda). (For Baudelaire, modernity is the *form*; Paris is the *content*. The *flaneur* is the figure and the point of observation that **straddles** the two and pulls them together into a unity). Mula naman kay Parkhurst Ferguson: kung ngayon, nakakapaglakad na sa iba't ibang lugar at teksto, at may iba't ibang anyo na ang flaneur, sa Paris noong unang bahagi ng ika-19 nito naisagawa ang mga unang hakbang nito (22). Binabalikan ang mga ito dahil sa pagtataguyod sa palaboy bilang posibleng kapilas nitong flaneur kahit na pinaghihiwalay sila ng humigit-kumulang isang siglo, ng isang karagatan at kontinente. Kung (Europeong) modernidad ang sa flaneur, Pinoy na multong-modernidad naman ang panukala ko para sa palaboy. Sadya itong bastardisasyon para pa rin pangontra sa Kanluraning-pagpapanggap sa unibersalidad, o 'di kaya naman ay sa 'di-kritikal na pangongopya ng mga dating-kolonya sa mga nangolonya sa kanila. Kahawig ito ng 'di-kritikal na pag-aangkop ng mga modelong Kanluranin na isa sa walong problema ng agham panlipunan na tinukoy ni Syed Farid Alatas (31). Sa pagbibida sa Pinoy na palaboy, nirerespeto pa rin ang “multo” ng flaneur para mismo ipakita kung paanong mahirap itong paganahin sa pagbasa ng mga pampanitikang akdang Filipino, partikular sa tatlong akda ni Reyes.

Latak lang ng modernidad ng “mauunlad” at mga nananakop na bansa ang modernidad na nasimsim sa Pilipinas. Habang nagpa-flaneur-flaneur ang mga Pranses noong dulo ng ika-labinsiyam na siglo—to be fair naman, hindi sila nagpepetiks lang, pinagmumunihan rin nila ang “idling” na ito, at ang kondisyong nagbubunsod dito—nakikipagpatayan ang mga indio³ sa mga mananakop upang igiit ang kanilang pagka-Pilipino, ang kanilang pagiging isang bansa, isang bansang malaya. Kaya ito ang anotasyon at interbensiyon ko sa sinabi ni Parkhurst Ferguson ukol sa dekontekstuwalisasyon ng flaneur: Sa paghihiwalay sa flaneur mula sa panahon, lunan, at mga teksto kung saan ito sumulpot, nailalabas sa kasaysayan

ang pigurang ito bilang analitikal na kategorya (22; salin ng may-akda). (Isolating the flaneur from the time, the place and the texts in and from which this urban personage emerged turns the figure into an analytical category that . . . lies outside history). Sa halip na dekontekstuwalisasyon, rekontekstuwalisasyon: pagkilala sa pangkasaysayang partikularidad ng pag-usbong ng flaneur at pagsubok sa posibleng paggana nito lampas sa panahon (ika-19 na siglo) at lunang (Paris) ito. Hindi na lang rekontekstuwalisasyon (i.e. flaneur sa ika-20 siglong lipunang Pilipino), kundi nominasyon ng isang bagong pigura na mas aakma sa multong-modernidad ng lipunang Pilipino ang palaboy.

Makikita sa baba ang mga lunan—ang mga puwang—at kondisyong pinaggalawan ng palaboy (at mga kaakibat pang pigura ng mananaliksik at lakwatsero) sa mga akda ni Reyes. Bago dumako roon, nais kong balikan ang “kapuwangan” na kandidatong salin sa “spatiality.” Sa Introduksiyon ni Raniela Barbaza sa *An Orosipon Kan Bikolnon: Interrupting the Philippine Nation*, binanggit niya ang puwang bilang lugar kung saan nagaganap ang relating o pakikipag-ugnayan (xx). Hindi lang ito espasyo, pangyayari rin ito, at nangyayari ito hindi lang nang sabayan, kung hindi sa dalawa, o higit pang mga dulong namamagitan” (xx). Hindi lang lugar o lunan ang “puwang,” pagitan rin ito ng mga lugar. Hindi na lang ito isang sustantibong presensiya; ito rin ang mga nasa pagitan ng mga may presensiya—wala, ngunit nariyan rin. Kahawig ito ng paglalarawan ni Mei-Po Kwan sa hybridity bilang produkto ng negosasyong maging “nasa pagitan” (759); bilang nasa pagitan ng mga lugar, nag-uugnay sa mga lugar habang pinananatili ang pagiging hiwalay ng mga ito.

Sa ganitong rekonseptuwalisasyon at rekontekstuwalisasyon susubukin ang bisa ng mga pigura ng palaboy, mananaliksik, at lakwatsero sa pagbasa ng tatlong akda ni Reyes. Hindi na ito tungkol sa flaneur; wala na tayo sa lumang Pransiya at wala pa ring modernidad sa Pilipinas. Wala rito ang espasyo ng mga arcades at magagarang pamilihan; sa halip, sari-saring puwang na ginalugad ng mga palaboy. Mahirap magpetiks dito. May mga pulis, may mga naninikil. May digmaan sa mga sulok-sulok.

Paglalaglag tungong Kaalaman: Ang Palaboy Bilang Paham

Nais kong magsimula sa pagpapakilala sa pigura ng palaboy at ang potensiyal nito sa pagdanas ng mga bagay, pag-okupa ng mga lunan, pagtawid sa iba’t ibang puwang, at pagbuo ng mga kislap-diwa. Maaari rin nitong hamunin kapwa ang mga umiiral na pagtingin dito, at mga namamayaning ideya kaugnay ng manunulat,

mananaliksik o palaisip. Halimbawa, sa *Things Fall Away*, binanggit ni Neferti Tadiar ang pagbabansag ng mga kolonisador sa mga indio bilang mga mapanlinlang, at tamad na lagalag, iba sa mas kaaya-ayang mga mestisong petiburgis na kabilang sa isang kapuri-puring lahi na may pagkiling sa pangangalakal at industriya (235). Mga tamad, mapanlinlang at maligalig na mga indio na tumataliwas sa dinadakilang uri ng mga mapagpunyagi at matatapat na mga kapitalistang burgis na umuusbong—mga disentang lumalahok sa laro ng “malayang pamilihan.”

Tumataliwas rin sa romantiko at nagsasariling Henyo ang maligalig-lagalag na palaisip. Habang ibinibida sa una ang indibidwal na talento at kapangyarihang lumikha, ibinubuyangyang sa huli ang mas masalimuot, mas lapag na proseso ng paglikha. Hindi ito paghihiwalay kundi pagpapalakas ng bigkis sa pamamagitan ng pagdiriin sa madalas matabunang aspeto ng paglikha. Bago o kasabay ng pagsusulat ay ang pagtitipon ng mga datos, karanasan, kuwento, tsismis, at iba pang materyal na pagsasama-samahin, iku-curate upang makalikha ng panibagong materyal. Nagaganap ang pagtitipong ito sa samu’t saring lunan: sa istasyon ng tren, sa opisina, sa palengke, sa kagubatan, sa tabi ng imburnal. Kapwa sadya at hindi sadya ang paglalagalag at ang pangangalap ng mga materyal. Sa isang panayam sa Mt. Cloud Bookshop sa Baguio halimbawa, bandang 2018 kung tama ang aking tanda, ibinahagi ni Manix Abrera kung paanong lumalabas sa kaniyang mga komiks ang mga naririnig niyang kuwentuhan sa mga dyip. Minsan may mga balak na hanapin ngunit iba ang mahahagilap. Minsan wala namang balak mangalap ng datos para magamit sa isang tiyak na proyekto ngunit may mga maluwalhating aksidente na magpapaalala sa mga proyektong iniwan muna o nakabinbin, o ‘di kaya ay mag-uudyok sa mga bagong proyekto.

Tulad ng ginawa sa itaas, mapag-iiba ang palaboy sa Kanluraning flaneur—ang pigurang hinaraya kasabay ng pag-usbong ng urbanisasyon at kapitalistang sistema noong huling bahagi ng ika-labinsiyam na siglo, at paglakas nito noong mga unang dekada ng ika-20 siglo. Dahil nga nahuli ang pagdating ng mga ambon ng kapitalismo sa Pilipinas, mahirap manahan dito ang flaneur na ayon naman kay Godden ay nabibighani at umuusisa sa “double life” ng mga naka-display sa salaming bintana ng mga bagong pamilihan (Godden 5). Sa susunod na siglo pa higit na lalapag sa lipunang Pilipino ang pamilyar na mga doble-karang komoditi: tumataginting at kaakit-akit na bagay sa isang banda; kongkretisasyon ng pinagsamantalahan at binabarat na lakas-paggawa sa kabilang banda.

Peministang kuwalipikasyon at pakikipagtalaban naman sa madalas lalaking pigura at konseptuwalisasyon ng flaneur ang hinahapag ni Rebecca Solnit sa sanaysay na “Walking After Midnight.” Habang kinukuwento nila Benjamin at Baudelaire ang malayang pagsamyo at paggalugad ng mga (lalaking) flaneur sa mga hitik na alay ng papausbong na kapitalismo at papalaking mga siyudad, pinag-aalalahanan naman ni Solnit ang iba’t ibang porma ng dahas at inseguridad na nararanasan ng mga babaeng naglalakad. Sa Afterword ng kanilang zine na *So We Must Meet/Apart*, binigyang-pansin nila Jesa Sukanob and Vince Imbat ang pagkakaiba ng kanilang paglalakad base sa kanilang kasarian. Sinabi ni Sukanob na bilang babaeng naglalakad, itinuturing kong mapanghimasok at patriyarkal na pagtingin iyong mga sandaling (cat calling, hindi-hangad na paghawak, matagalang pagtitig) ibinabalik ako sa aking katawan, sa aking mismong pagkakatawan (41; salin ng may-akda). (As a female walker, what I would characterize to be an intrusive ‘patriarchal gaze’ are those disruptive moments [cat calling, unwanted touch, prolonged staring . . .] that brings me back to my body—the body as female . . .). Balik sa makalalaking konseptuwalisasyon at praktika ng flaneur, heto si Lauren Elkin, puno ng makababaeng talas at ka-wittyhan: sapagkat tigmak ng panlalaking pribilehiyo at pagliliwaliw, may oras at salapi, at walang anumang kagyat na responsibilidad, nauunawaan ng flaneur ang siyudad hindi tulad ng ibang mga nananahan rito (Elkin). Surpresa para sa ating mga nakalimot: apektado ng kasarian ang praktika ng paglalakad, ang danas ng paglalaboy-laboy.

Kuwalipikasyon at pakikipagtalabang galing Third-world naman ang handog ng palaboy ni Jun Cruz Reyes. Sa tatlong akdang tatalakayin ko sa papel na ito, sa *Tutubi, Tutubi*, sa pamamagitan ng tauhang si Jo, lumutang nang husto ang pigura ng palaboy. Panahon ng Batas Militar ang tampok sa nobela kaya mas makikita at mauunawaan ang sense of urgency sa mga paglalakbay ni Jo. Mas tamang sabihing napilitan siya sa kalakhan ng kaniyang paglalagalag kaysa ninais itong pagdaanan nang buong puso. Sa kabilang banda, mas banayad ang mga paglalakbay sa *Ilang Taon* at *Huling Dalagang Bukid* kahit na siyempre may mga alinlangan at pagkabagabag rin dito. Tampok dito ang pagkakalista ni Jun Cruz Reyes sa Order of Battle list ng militar na nagpamuni sa kaniyang muli tungkol sa bisa ng panulat. Parang mga pinagdaanan din ni Jo sa *Tutubi, Tutubi*, nga lang dito, sa *Authobiography na Mali*, at hindi na sa nobela lang inilalahad ang mga pangyayari. Sa *Ilang Taon* naman, kahit bilang tagamasid-mananaliksik, matindi pa rin ang mga pinagdaanan ni Reyes: kinapanayam ang mga simpatisador, mga dati, o mga kalaunang rebelde

at amasona; nakipamuhay sa mga katutubo sa Cordillera; nakipag-usap sa mga kasangkot sa rebolusyonaryong kilusan. Ang tambalang paglalagalag-pagsulat ay isinasagawa habang mistulang may nakaambang baril sa likod ng lagalag-manunulat; may tumutugis, may nambabanta. Malayong-malayo ito sa hinaraya at isinabuhay na flaneur sa Pransiya.

Sa tatlong akda ni Reyes, mapag-iiba naman ang *Tutubi*, *Tutubi sa Ilang Taon* at *Huling Dalagang Bukid* dahil sa higit na diin at pagkalunan ng una sa kalunsuran kumpara sa huling dalawa. Habang mas tiyak ang paglilipat ng lunan sa *Ilang Taon* at *Huling Dalagang Bukid* (minsan nasa kanayunan, minsan nasa mga lansangan ng lungsod; minsan nasa Hagonoy, minsan nasa UP Diliman), ang mas tiyak sa *Tutubi*, *Tutubi* ay ang paglilipat-lipat sa magkakaibang lunan sa lungsod (isang panahon nasa simbahan o punerarya, sa susunod ay nasa isang bar sa Cubao o isang live show sa isang bar). Dahil dito, lalo sa *Huling Dalagang Bukid*, mas naipamalas ang pagtawid-tawid sa magkakaibang puwang, at ang mga namamayaning relasyon sa loob, at sa pagitan ng mga ito.

Tataluntunin ng mga susunod na bahagi ng papel ang tatlong akda ni Reyes ayon sa magkaugnay na mga pigura ng palaboy at ng manlalakbay, ang palaboy na manunulat, ang manlalakbay na mananaliksik—gumagalaw sa iba't ibang sulok ng kalunsuran at kanayunan, nagpapakita sa mga posibleng relasyon ng mga ito.

Ang Daming Mapupuntahan, Walang Mapipirmihan: Ang Estudyanteng si Jo sa *Tutubi*, *Tutubi*

Magaspang na salin—ito rin mismo, kaugnay ng mga salitang “rough translation”—ang nangyari sa subheading sa taas. Sa *Naked* ni Mike Leigh, gabi na at lumalaboy-laboy pa ang bidang si Johnny. Naka-istambay siya sa labas ng isang malaking gusali nang pansinin siya ng guwardya nito para makipag-small talk. May komento ang guwardya tungkol sa kalagayan ni Johnny, wala na raw ba itong mapuntahan? Kopya kong sagot ni Johnny, “I’ve got an infinite number of fucking places to go, the problem is where to stay”. Parang ang estudyanteng si Jo sa unang nobela ni Jun Cruz Reyes. Naabutan ito ng Batas Militar, pinasara ang mga paaralan kaya nabali ang inaasahang bahay-paaralan-bahay na kinagawian ng mga kabataan, at sa kaso ni Jo, ang boarding house na mapipirmihan niya sana ay nalagay sa alanganin dahil ni-raid ng mga magagaspang na awtoridad.

Ito ang kondisyon ng paglalagalag ni Jo na susundan ng, at tataluntunin sa, *Tutubi*, *Tutubi*. Kondisyon ng pagsikip ng mga lugar, ng paghigpit ng kontrol, ng pagtindi ng regulasyon at pamumulis sa mga pagkilos at paggalaw. Sa unang kabanata pa lang, kinuwento ni Jo ang pagbabago sa kanyang paaralang Philippine School for Science and Technology, “ang pinakamahusay na eskuwelahan sa bansa” (*Tutubi*, *Tutubi* 1): “hindi ako makaraan doon nang hindi mapapahinto at mag-iisip” (1). Sa loob o paligid na paaralan umikot ang kalakhan ng unang kabanata. Ito ang lugar na ginalugad ng nobela sa pamamagitan ng mga obserbasyon ni Jo:

Wala na ang mga pamilyar na mukha, kaeskuwela man o titser . . . Sa pisikal tingnan, di tulad noon na ang mga dingding ay nakukulapulan ng mga letrang pula. Puting-puti ang paligid Kunsabagay, pati ang paligid sa labas . . . ay nagbago na rin. Hindi na kita ang mga barong-barong sa gawing riles ng tren at ang estero sa magkabilang gilid ng tulay Puti kahit saang paligid. Nobyembre uno tuloy ang sumasaksak sa utak ko. Parang sementeryo, parang may nabubulok sa ilalim na kung ano, pero hindi lantad sa mata Ito ang panahon at kulay ng Bagong Lipunan. (1-2)

Sa gayon, naitatakda na sa pambungad na kabanata ang tiyak na lugar at panahon ng nobela—ang Batas Militar sa Pilipinas—na gagalugarin ng palaboy-laboy na si Jo.

Sa unang lugar na tinutukan ng nobela—ang paaralan ni Jo—naging mas maarte ang pagbabantay, ang pamumulis, ng mga pulis: “lahat ay pinagsusuot ng ID kung ito’y nakalimutang ipaskil sa dibdib. Inuurirat ang hindi tagaroon, hinahanapan ng katibayan ng pagkatao, sedula, lisensya” (Reyes, *Tutubi*, *Tutubi* 3). Naalala ko rito ang mga unang linya mula sa “Nada. Nothing” ni Heriberto Yepez: “Every time you cross the Tijuana/San Diego border – ‘the world’s busiest port of entry’– a rite of passage takes place” (15). Susundan ito ng mala-Do’s and Don’t’s na litanya na nagpapakita sa ugnayan ng mga kasangkot sa ritwal—ang mga asong sumisinghot sa mga palalo, ang immigration officer, ang Mehikanong nagtatangkang pumasok sa teritoryo ng Amerika, lupain ng imperyalistang gatas at marahas na pulot-pukyutan, at iba pa—at paano nito naaapektuhan ang mga paggalaw ng katawan at dila:

Sa berbal na antas, manatili sa heneriko. Ulitin lamang ang alam mo nang tamang sagot. Sabihing ‘wala’ o ‘nada’ ngunit maghandang

ipaliwanag kung bakit ka gumagamit ng isang wika, o ng iba pa. ‘Paanong maayos kang mag-Ingles, sir?’ Sinusubukan niyang alamin kung nagtrabaho ka na nang iligal sa Amerika, subalit sumusubok ngayong tumawid na para bang isa ka lang turista.

At the verbal level, remain in the generic. Just repeat what you already know as a right answer. Say ‘nothing’ or ‘nada’ but be prepared to explain why you are using one language or the other. ‘How come your English is so good, sir?’ He’s trying to know if you have illegally worked in the US but are trying to cross as if you were just one more tourist today. (Yepez 18)

Dalawang magkaibang bansa/teritoryo/soberanya/ “national citizen” ang tampok kay Yepez; isang mas maliit na espasyo lang ang kay Reyes. Parehong tinatangang apulahin ang nagngingitngit na pagkabanas, ang mistulang puputok nang tunggalian.

Sa paaralan ni Jo sa ilalim ng Batas Militar, pinagdududahan ng Pilipino ang kapwa Pilipino; walang lahi-lahi, usapin ito ng katapatan sa pinairal na Batas Militar: “Iniinspeksiyon din ang dala ng bawat payagang makapasok Pati suklay na may buntot ay kinukuha, deadly weapon na pala ito ngayon” (3). Ang naalala ko naman dito ay ang *Brush and Comb Assembly* ni Tom Kiefer, isang dyanitor na nadestino sa hangganan ng Amerika at Mehiko, sa puwang sa pagitan ng dalawang bansa. Inasembol ni Kiefer ang iba’t ibang uri ng suklay na tinapon ng custom and border officers sa paniniwalang posibleng makapapatay (Easter) ang mga ito. Parehong umiiral sa nagdaang Batas Militar—sa nobela man o sa totoong buhay—at kontemporaryong border patrols ang dahas ng paghihigpit, ang higpit ng pandarahas.

Malas lang ni Jo at naranasan niya ang dahas ng mga guwardya. Mukhang mababaw pero ang daming sinasabi ng dahilan kung bakit napag-initan si Jo. Bakit daw siya nagbabasa ng librong may pamagat na *Introduction to Contemporary Philosophy*. Inakusahan siyang aktibista, na tanging ang kaniyang hitsura ang basehan: “Basta raw long hair, nakamaong at nakasapatos na goma ay aktibista na” (Reyes, *Tutubi*, *Tutubi* 7). Oo, nakakatawa ito. Pero ito mismo ang katangian ng lohika ng Batas Militar. Makalalabas si Jo sa pamamagitan ng negosasyon, at kapwa lito at

mapaglarong pakikipag-usap sa mga awtoridad, pero nang hindi muna natatapos ang paglilinis sa isang mobil. Habang naglilinis, may maririnig siyang babahala sa kanya sa kalakhan ng nobela:

May narinig akong malakas na sigaw . . . Parang boses ni Kulas. May nangyayari sa kanya? Kilala ko si Kulas . . . siya na hindi ko pa nakitang umaray o dumaing kaya, parang nagpapalahaw? Sana'y guniguni ko lang ang narinig ko. Pero meron pang sumunod . . . Maraming pumapasok sa isip ko. Sana'y maling lahat. Hindi siya si Kulas, ipinipilit ko sa sarili ko. (15-16)

Denial bilang defense mechanism, naghahabi-habi ng mga kuwento kahit may sensorial nang ebidensiya, mga kuwentong makapapayapa kahit papaano sa nag-aalalang kalooban, magtatapos ang unang kabanata sa ganoong pilit na pagpapayapa, sa pagpigil sa pagkabahala—pagkabahalang titindi lang nang titindi sa pagpapatuloy ng paglalaglag ni Jo sa lungsod, sa paglanghap at pagdanas niya sa nagmamayabang na Bagong Lipunan. Naitakda na ang paradoha: sa pamamagitan ng paglalakad malapitang mararanasan ni Jo ang Batas Militar, kahit na malayo sa pagiging mahalina ang mga engkuwentrang ito.

Sa barberya ang unang himpilan ni Jo sa kanyang kabanata-bawat-kabanatang paglalakbay. “Doon nagtapos ang yugto ng aking mahabang buhok. Pakiramdam ko’y ibang tao” (*Tutubi, Tutubi* 17). Puwede na kayang tapusin ang nobela, bilang hindi na mukhang isteryotipikong-tibak⁴ si Jo? Hindi. Ito’y dahil patuloy na maglalaglag si Jo, at kasabay nito ang kaniyang pag-uusisa at pagmumuni. Patuloy siyang naglakad sa kabila ng atungal ng kanyang sikmura, sa kabila ng “epekto ng nerbiyos” matapos ang sinapit at marinig niya sa kaniyang paaralan. Uulit nang uulit ang dalawang detalyeng ito sa kabuuan ng nobela. Paalalang malayo sa pagiging kaiga-igaya ang paglalakad ni Jo, malayo sa leisurely o fully introspective na karanasan ng isang flaneur. Madalas, wala lang talaga siyang pera para sumakay ng dyip o bus. Mas malala, hindi naman talaga nawala ang mala-multong presensiya ni Gardonet—ang umusig sa kanya sa paaralan—at ng iba pang armadong awtoridad—mga manipestasyon ng pananakot ng militarisadong kaayusan sa mga tao, lalo sa mga aktibista at kumukontra sa pamahalaan.

Napadpad sa Kung Saan-saan

Naaantig ako sa salitang “napadpad.” Sapul nito ang diwa ng pagdating sa isang lugar nang ‘di naman sinadya, o pinagnasaang puntahan. Mas dikit ito sa diwa ng paglalagalag: napadpad na lang ako sa bisig ng leon; matapos ang dalawang oras ng paglalakad, napadpad ako sa dulo ng Maynila, sa abuhing dolomite hills sa Manila Bay. Sa paglalagalag ni Jo, kung saan-saan siya napadpad: sa ikalawang kabanata, sa simbahan. Nakita niya rito ang mga nagbebenta ng anting-anting: “basta may simbahan tiyak na may kalapit na nagtitinda ng madyik” (25). Pumasok siya sa loob ng simbahan upang magpahinga habang nagmamasid sa mga tao. Ang mapaglarong bulakbol na si Jo, iniiba ang gamit at halagahan ng mga lugar, gumagalaw-naglalagi sa mga ito nang may kakaiba at iba-ibang layon: “sila’y seryoso samantalang ako’y isa lang usyosero” (27). Palagi, pagmumulan ng mga kislap-diwa ang kanyang pakikisawsaw, pagmamasid-masid: “Sa kauusyoso, noon ko lang napansin na mataas pala sa pangkaraniwan ang bakod [ng simbahan]. Nilagyan pa ng alambreng may tinik ang tuktok” (Reyes, *Tutubi*, *Tutubi* 28). Nakiayon na rin sa lohika ng mga bakod at gatekeeping ng Bagong Lipunan ang inaakalang bukas na tahanan ng Diyos.

Sa ikatlong kabanata, sa isang restawran napadpad si Jo kung saan binulabog siya ng walang-tigil na indecent proposals ng isang matandang puta (o bugaw?). Sa harap ng kakulitan ng puta, kinailangang mag-isip si Jo ng malilikhaing paraan upang makalabas sa kainan, makalayo sa matanda. Nang magtagumpay siya, malalim na ang gabi at malapit na ang curfew—panibagong problema. Desperado, pumunta na lang siya sa isang lugar kung saan nagkumpulan ang mga tao. Akala niya party ito, punerarya pala at may nakaburo. Wala nga lang siyang pagpipilian; malapit na ang curfew kaya lumagi na lang siya sa patay—kung lalabas siya, patay siya. Alanganing bonus na may pagkain sa punerya, kasabay ng muling pag-atungal ng sikmura niya. Nagtapos ang kabanatang ito sa malakas na tunog ng sirena, inaanunsiyo ang simula ng curfew. Ang banat ni Jo, “ang tao nga namang nagigipit, kahit sa patay ng ibang tao’y kumakapit” (60).

Babalik si Jo sa kanilang boarding house sa ikalimang kabanata. Nakita niya ang kabahay na si Minyong at sinabihan ito tungkol sa pag-aalala niya kay Kulas, siyang narinig niyang pumalahaw sa paaralan sa unang kabanata. Pinasilip ng kabanatang

ito ang kanilang buhay-boarding house: ang walang-simpatya nilang landlady, ang madalas walang pagkain nilang lamesa, ang kanilang mga 'atake' sa ref ng landlady. Dito rin nakatira ang iba pa nilang kaibigang aktibista, pati ang 'di maitatagong makabayang guro na si Mr. Kabayan, sa paupahang ire-raid sa mga susunod na araw. Dudulo rin ang kabanata sa linyahan ng paglalagalag: "Kami, ang mga taong may kapalaran ng pusang hindi binilang ay malamang maglaglag na ewan kung hanggang saan at kung gaano katagal" (Reyes, *Tutubi*, *Tutubi* 78).

Mas madalas na walang tiyak na layunin at walang kasiguraduhan ang mga paglalakad ni Jo. Minsan, darating ang katiyakan sa anyo nga mga balita at tiyak na impormasyon, mga pangyayaring dapat iproseso. Sa ikapitong kabanata, nagkita sila ni Joey, isa pang kaibigang aktibista, sa kanilang regular na tambayan sa Cubao kung saan may mga tugtuging folk. Binalitaan siya nito tungkol sa iba pa nilang kaibigan: "kaunti na pala ang natitira sa barkada. May namundok, may umuwi sa probinsiya sa bundok, may nawala na lang basta, may nagtatago kahit walang naghahanap Para pala kaming mga tutubing binulabog ng isang batang maharot na hindi na malaman kung saan susuot" (98). Maibabahagi ang isang tiyak na balita para lamang paigtingin ang motif ng kawalang-katiyakan, ng kalabuan ng pupuntahan.

Panukala kong Pilipinong katumbas ng kanluraning (at maka-lalaking) flânerie ang paglalakad-paglalaboy-laboy ni Jo. Maka-babae, kundi man, peministang diskurso sa paglalakad ang handog ni Solnit sa "Walking After Midnight." Sa pamamagitan naman ni Jo, pinalawak ng *Tutubi*, *Tutubi* ang maaaring konseptuwalisasyon at praktika ng flânerie sa pagsasakonteksto nito sa Third world na Pilipinas, partikular sa ilalim ng Batas Militar, at mga dala-dala nitong multong-modernidad.

Upang tapusin ang bahaging ito, sisipatin ko ang dalawang pangyayari sa nobela na nagpamalas ng magkaibang uri ng paglalakad ni Jo. May katangiang guni-guni ang una, habang mas maingat at kalkulado ang ikalawa. Mahahati pa sa literal at piguratibong halusinasyon ang una. Nagtapos ang ika-labing-isang kabanata nang nahimatay si Jo habang nasa loob ng bus. Kakapasya niya lang na mag-1-2-3 rito matapos pag-isipang maigi kung paano gagastusin ang natitira niyang katiting na piso: bibili ba siya ng pagkain upang pawiin ang gutom, o sasakay ng bus, kahit 'di sasapat papunta sa bahay ng kaibigan niyang si Lib ang natitira niyang pera. Sa loob ng bus nangyari ito, matapos niyang iwasan ng tingin ang konduktor na naniningil ng pasahe: "Sa pagdukot ng panyo, napatingin ako sa ibaba. Nawawala

ang sahig ng bus. Nagiging panay itim iyon. Tinitigan ko itong mabuti. Lumitaw ulit Iginala ko ang aking paningin sa loob ng bus. Umiikot ito” (Reyes, *Tutubi, Tutubi* 147). Dito na nawalan ng malay si Jo, at magigising na lang sa susunod na kabanata sa munting bahay at pangangalaga ni Mamay, ang mabuting nilalang na kumupkop sa kanya sa loob ng tatlong araw, na nagkataon ring simpatisador ng mga rebelde.

Ang mas metaporikal na guni-guni ay dikit sa lohikang “now you see it, now you don’t” kung saan mabubura o matatabunan ang mga “pangit” at “maruming” barong-barong ng mga pasosyal na establisyimento. Iniugnay ito ni Neferti Tadiar sa “authoritarian modernization” ng conjugal na diktadurya ng mga magulang ng kasalukuyang pangulo—si Ferdinand at Imelda Marcos (144-45). Modernisasyon itong ipinangangalandakan ang awtoridad ng diktadurya—ang parehong diktadurya namang nagpapahaya sa “modernisasyon” kahit na hindi ito nakabubuti sa karamihan. Pinansin ng palaboy na si Jo ang mga nagsulputang “center”: “Malas ang mga center sa mga maralitang tagalungsod. Basta sumulpot ito, delikado sila. Tiyak papaalisin silang parang layak, at itatapon sa kung saang sulok Basta lugar na pasyalan ng bisita ni Mam, bawal ang pangit” (128). Mas malala, ang baluktot na lohika sa likod ng “pagpapaganda” at ang kondisyon ng posibilidad para sa mga ito. Ayon kay Michael Pante, sa halip na maglaan ng rekursu upang tugunan ang mga sakit na tulad ng tuberkolosis na karaniwang tumatama sa mga ordinaryong Pilipino, pinaburan ni Imelda ang magagarbong “boutique hospitals” na sumusunod sa lohika ng turismong medikal. Mas malala pa, nagdulot ng pampinansiyang instabilidad ang pagpapatayo sa mga modernong medical center na ito dahil nanggaling sa dayuhang utang at GSIS ang pondo para rito (222).

Isa itong ehemplo ng multo-modernidad: may panlabas na pag-unlad ngunit literal na tinatakpan ang mga tinuturing na “pangit,” sa halip na pawiin ang kondisyong nagpapapangit dito. Dagdag pa ang mas simbolikong pagtatago sa motibasyon at kondisyon ng mga “pag-unlad” na ito: pagkakautang sa mas mayayamang bansa na lalong pumipigil sa makabuluhang pagsasarili ng Pilipinas.

Dulot ng napapagal at nagugutom niyang katawan ang literal na maguniguning episodyo ni Jo na dudulo sa kaniyang pagkahimatay. Lakad nang lakad nang walang maayos na kinakain, pati pagtulog minsan; lakad nang lakad habang tahimik na natataranta sa mga armadong awtoridad. Dulot naman, at kadikit ng kanyang

paglalakad ang metaporikal na halusinasyon ni Jo. Hindi lang nagtatala ng, kundi nagtatanong tungkol sa mga napagmamasdan niya. Tulad halimbawa ng mga condo o gusali na papalit sa kung anumang nauna sa mga lugar, sa dating nasa kinatatayuan ng mga ito, mga iskwater at kanilang gegewang-gewang na barong-barong. “Now you see it, now you don’t”: mga multo ng modernidad.

May mga pagkakataon rin kung saan maingat ang paglalakad ni Jo: nag-iisip ng wastong pagkilos base sa kalagayan, tinatantya ang dapat gawin, sa halip na namumutawi lang ng mga obserbasyon. Sa ika-siyam na kabanata, matapos dalhin sa ospital ang kaibigan nilang si Herbie na sinaklot ng lagnat, binigyan siya ng panuto ni Joey, ang kanilang mas mapagpasya at leader-type na kaibigan: “Puwede ka nang bumalik sa boarding house. Lahat ng dapat iligpit, ligpitin mo. Yung puwedeng itago, itago Yung delikado, sunugin mo na. Hindi kita masasamahan. Kailangang mag magbabantay kay Herbie” (Reyes, *Tutubi, Tutubi* 122). Mag-isang muli sa paglalakbay, kinailangang magpasya mag-isa ni Joey nang makita niyang nagkalat ang mga mobil ng pulis malapit sa kanilang boarding house. Matutuklasan niya kinalaunan na ni-raid ang kanilang tinutuluyan dahil pinaghinalaang may mga aktibistang nakatira rito. Nang mapasok niya na ang kanilang kuwarto, makikita niyang nabulabog ito, kinuha na ang mahahalagang dokumento. Tinamaan na naman ng matinding kaba si Jo, ngunit sinikap niyang magpakatatag at mag-isip nang tuwid:

Hinayaan kong makalayo pa nang bahagya ang jeep. Sa sumunod na kanto na ako bumaba. Palagay ko’y gusto ko nang mataranta. Kung bakit naman nagpaiwan pa si Joey, wala tuloy magbibigay sa akin ng instant payo Kung sakali nga’t may nangyari, anong ire-report ko? Kailangang mag SI (social investigation). Paganahin ang utak, mahirap magpadalos-dalos sa pagpapasiya. Mamaya na muna ang pagkataranta. (123)

Nagmala-Joey si Jo, parang isinakatawan ang diwa ng kanilang kaibigang babad na babad sa kilusang kabataan na pumanday nang husto rito. Binalingan rin ni Joey ang isa pang karunungan mula sa kilusang kabataan at estudyante—ang halaga at bisa ng social investigation (S.I.).

Ang mga S.I. o panlipunang pagsisiyasat na ito ang nagpapahiwatig ng materyalistang kiling ng paglalakad at paglalaboy-laboy ni Jo. Sa gayon, hindi na

lang para sa paglanghap ng atmospera at simoy ng siyudad ang paglalakad; para na rin ito sa pagmumuni (meditate) at pag-mediate sa siyudad na ito. Dahil dito, tumataliwas ang paglalakad ni Jo sa diwa ng kultura na nilarawan at pinulahan nila Teresa Ebert at Mas'ud Zavarzadeh bilang “peripatetic desire, discursive strolling,” na walang tiyak na layunin madalas (61). Malinaw na inayawan ang tendensiyang ito sa dulo ng nobela, nang banggitin ni Jo ang kaniyang (negatibong) ninanais, ang hindi niya gustong mangyari: “Hindi, hinding-hindi ako magpapahuli sa mamang salbahe” (Reyes, *Tutubi*, *Tutubi* 200) kung saan sinekdoke ang “mamang salbahe” ng Batas Militar at ng maskulinista nitong represyon. Sa pagpapalit-saklaw na ito, higit na namumukhaan ang Batas Militar. “A, mahaba pa ang mga kalsada . . . Dapat sigurong hanapin kung may ano sa dulo nito. Iba-iba ang kapalarang dumarating. Hindi iyon mangyayari, kundi pagpapasiyahan ng kaharap” (199-200). Hindi na lang nangyayari o nahuhulog sa ating mga palad at pulso ang kasaysayan; nililikha natin ito. Malamang magpapatuloy lamang si Jo sa paglalakad at pagpapalaboy-laboy, at sa ganoong paraan, hindi siya magiging tagapanood lang, kundi tagalikha rin ng kasaysayan.

Ang Manunulat Bilang Mananaliksik: Mga Kuwentuhan sa *Ilang Taon Na Ang Problema Mo?*

Babalikan ang sipi sa ikalawang pangungusap ng papel na ito: imbes na “historyador,” ang paglalarawan ni Reyes sa sarili ay “manunulat lamang [ako] na may makating talampakan at malikot na utak” (*Ilang Taon Na* x). Binansagan niyang “testimonial literature” ang mga bumubuo sa akdang ito; kalipunan ng mga tala niya matapos makapanayam at makipamuhay kasama ang iba’t ibang kasapi ng progresibong kilusan: ang taga-Kalingang si Victor, si “Andrea ang Amasonang Ina,” si Ka Roger Rosal bago siya sumikat, sila Ces at Tonyo na namulat sa kilusan.

Matutuwa ang mga nagbabandera ng Sikolohiyang Pilipino (SP) o Pantayong Pananaw, sampu ng mga metodo nito ng pagbuo ng kaalaman tulad ng pakapaka, pakikipamdandam, pakikipagkuwentuhan, pakikiisa. Walang “pakikipamuhay” pero gagamitin ko ito bilang dagdag, hango sa prinsipyo at praktika ng “basic masses integration” o pakikipamuhay sa batayang masa ng Pambansa-demokratikong kilusan. Sa gayon, mapapakinggan ang sinabi ni Alatas ukol sa pangangailangang paunlarin ang mga kaisipang galing sa mga alternatibong diskurso tungong pagbubuo ng teorya sa halip na paglalarawan lang sa mga ito (181). Mahalaga rin

ang interdisiplinaryong tulungan dito: payayamanin ang mga binanggit na ng SP sa pamamagitan ng isang akdang pampanitikan.

Sa Ilang Taon Na Ang Problema Mo?, “sandali lamang ang mga pagtatagpo” (x). Wika nga ni Mario sa “Alias Mario,” “ilang papel, kapisang oras” (48). Pinahihiwatigan nito hindi lang ang haba—o ikli—ng pagkikita kundi pati ang sitwasyong bumubuo rito. May pagkaalanganin ang mga pagkikita dahil sa estado ng mga kinapapanayam, mga kumukontra sa pamahalaan, mga naghahangad ng, at kumikilos para sa ibang kinabukasan.

Dito ko ipapasok ang pagtatasang mas relasyonal kesa “dichotomous” ang namamayaning konseptuwalisasyon ng mga espasyo, ng mga lugar, alinsunod sa diwa ng kapuwangan na idinetalye sa itaas. May mga linyahang mistulang mahigpit na pinaghihiwalay ang kalunsuran at kanayunan halimbawa, ngunit nais kong bigyang-diin ang ugnayan ng mga ito. Malaki ang gampanin dito ng disenyo ng pananaliksik at pagsulat: ang oryentasyon ng mga gawaing ito, ang mga piniling maging suheto at kapanayam, ang mga tinatampok na bahagi ng kanilang buhay.

Halimbawa ng mistulang antagonistikong framing ang sumusunod: puro “angst at kwento ng pag-ibig” lang raw ang sinusulat ng mga tagalungsod na manunulat samantalang “maraming paksang naghihintay sa kanayunan” (Reyes, *Ilang Taon Na* xii). May pinahihiwatigang halagahan ng mga paksang maaaring isulat—kundi man kalitatibo ay kantitatibo. Parang sinasabing, ‘Ang dami nang nagsusulat tungkol sa pag-ibig, halos wala tungkol sa mga nangyayari sa nayon.’ Puwede ring may himig na ‘olats yang angas ng mga manunulat sa lungsod; ang winner ay ang lumublob sa nayon at magsulat tungkol dito.’ May isang malinaw na pagyurak sa lungsod: ang pagbansag-pagkantiyaw sa mga kaibigan bilang mga “tanga Maynila” (188).

Isa pang halimbawa: “Saka wala yatang taga-kanayunan na marunong o may oras pang unahin ang pagpapaganda” (92). Kahalintulad nito ang paglalarawan ni Pepito Sanchez sa mga artista sa kuwentong “Sa Taginting ng Jazz” ni Deogracias Rosario: “Tingnan mo sa pamamahay ang mga babaeng iyan kundi maanong marunong man lamang magligpit ng hinigan. Walang nalalaman kundi maglagay ng puti sa katawan at kolorete sa pisngi” (Elisario 96). Kay Rosario, may panlilibak sa “pagpapaganda”

ng mga babae dahil nakalilimutan nila ang kanilang “tungkulin,” ang kanilang istasyon sa buhay—ang pag-aasikaso sa tahanan. Ibang lohika naman ang gumagana kay Reyes: kung ‘di man nililibak, isinasantabi na ang pagpapaganda dahil sa mas mahahalagang gawain.⁵

Mayroon ding framing kung saan mas materyal na ang antagonismo, hindi na lang sa lunan ng mga ideya o halagahan. Mula sa “Sa Pamumulaklak ng Tabako” halimbawa: “parating may tagakabayanang aangkin sa kanilang pinaghirapan” (Reyes, *Ilang Taon Na* 14). Nagmumula sa bayan ang mga nang-aapi at nangangamkam; sila ang mga tagapagpatuloy ng mga ‘di-patas na relasyon. Ang nagtutunggali ay hindi na lang magkaibang pagwari o pagtanaw sa lungsod at nayon, kundi mga panlipunang aktor mula sa magkaibang lunang ito na may bitbit na magkalabang interes.

Hindi direkta ngunit mararamdaman o matutunugan—pansinin ang pagkawala rito ng mga “biswal” na salita: “makikita,” masisipat,” at iba pa—ang higit na pagpapahalaga sa kanayunan kumpara sa kalunsuran. May mga kinawiwilihan o namamayaning katangian sa mga siyudad—maangas, maka-indibidwal na panulat, pagpapaganda ng pisikal na anyo—na siya namang isasantabi sa kanayunan. Maaari ring pinapanukalang igpawan ang mga preokupasyong ito sa pamamagitan ng pagbaling ng atensiyon sa kanayunan.

Paano pa pinakita ang pagpabor sa kanayunan, ang yaman at lalim nito na naghihintay lang danasin, sulatin, arukin? Babalik lang tayo sa mismong disenyo at oryentasyon ng koleksiyon: ang pagnanais ni Reyes na “kausapin ang maliliit” (Reyes, *Ilang Taon Na* xiii); ang pagbasa ni Alice Guillermo na sa “testi lit,” nagkakaroon ng boses ang mga api (xiv)—at madalas nasa kanayunan ang bulto ng mga api. Hindi lang ang lunang kanayunan ang kinikilingan dito, kundi pati ang mga tauhang nalulugmok sa mga panlipunang relasyong namamayani sa lunang ito. Subalit hindi lang isang ipinakong tadhana ang pagkalugmok ng mga nasa nayon—pagkalugmok na dulot ng mga relasyon sa kanayunan. Alinsunod sa diwa ng “pregnancy with its contrary” ni Marx mula sa kaniyang “Speech at Anniversary of the People’s Paper” (iniisip kong paunlarin pa ang magaspang kong saling “tigib sa taliwas”) ang kanayunang sityo ng pagkaapi ay sityo rin ng paglaban at paglaya. Mas simple: dahil mismo sa pang-aapi kaya nagkakaroon ng paglaban at pag-aasam na lumaya. Tungkol kay Tonyo mula sa “Sa Pamumulaklak ng Tabako,” “kabundukan

at parang lamang ang kayang sukatin ng kanyang talampakan” (13). Sa “Sagang,” pinaksa ang mabilisang pag-aaral sa uri ng pamumuhay ng mga Kalinga-Apayao (38-9). Sa “Alias Mario,” itinampok ang kuwentuhan sa kanayunan na tutungo sa mga kuwento ng digma, putukan, pagkabilanggo at pamumundok muli. Isang katangi-tanging episode, pinaglalaruan at ginugulo ang mga pamilyar—Pinoy na umpukan-tsismisan-kuwentuhan, at ang pahayag na “may dumaang anghel” tuwing natatahimik ang isang grupo. Sa gitna ng kuwentuhan kasama sina Reyes, Mario at iba pa nang biglang tumahimik: “hindi mga anghel ang dumating,” mga sundalo (Reyes, *Ilang Taon Na* 56-60). Ginamit ang pamilyar na pahayag upang basagin, at ituro ang reyalidad ng pangamba dala ng kanilang piniling “istasyon” sa buhay. Sa “Andrea, ang Amasonang Ina” naman, ang implisitong pagpapalawak ng lunan, pag-iiba ng mga ugnayan: Mga unang pakikisalamuha sa mga ‘taong labas’/NPA hanggang ma-organisa siya, sumali sa mga ED (educational discussion), oplan dikit at martsa (77-78). Dito, hindi itinataboy lalo, bagkus pinapapasok, o sinasamahan ang mga taong-labas, nakikiisa sa mga gawain nila. Hindi mahirap unawain kung gayon: dito sa kanayunan ang lugar ng pananamantala, kaya dito rin nito makatatagpo ang paglaban, ang pag-aasam ng iba, pag-aasam nang iba.

Subalit ang “dito” rito ay bahagi lang ng isang mas malawak at nagpapatuloy na agos at pagkilos (ng mga puwersa—indibidwal na tao o panlipunan—ng kasaysayan at mga pangyayari rito). Muli, hindi nga ito ihinihiwalay, hindi pinapakitang nagsasarili. Kaya may mga ganitong linyahan ng transisyon: sa “Ilang Taon na ang problema mo?”, “**Mula** laot tungong lakad, lantsa **tungong** lungsod (115-16); **mula** lantsa **tungong** “pulitika ng lansangan” (118, akin ang mga diin). Mula sa “Roger, Roger,” ang heyograpiya ng paaralan kontra bukirin (136) at ang pagbibigkis sa mga ito: “ang mga lansangan at kanayunan ay isa ring eskuwelahan”⁶ (141).

Maaari pang dagdagan at pagyamanin ang mga diwang inihaharap sa naunang talaga: sityo ng tunggalian kapwa ang kalunsuran at ang kanayunan. Babanggitin sa “Roger, Roger” ang “mga estudyanteng matatapang, mahuhusay magsalita” (135). Naalala ko rito ang pagsasalin-pagsasalarawan ni Neferti Tadiar ukol kay Jo: “ang tanging kalayaang natitira sa aking buhay—ang kalayaang mag-isip, sa sulok, mapayapa” (169; salin ng may-akda). (The only freedom that remained in my life—to think, in a corner, in peace). May ganitong linyahan rin sa *Ang Huling Dalagang Bukid*: paghahanap sa “tahimik na sulok, tumanga, mag-isip, magbasa”

(Reyes, *Ang Huling Dalagang* 196). Sa kapisasong kalayaang ito nagiging posible ang transpormasyon ni Jo mula obhetong tumatanggap sa mga puwersang pangkasaysayan tungong suhetong gumagawa at nagsasalita ng kasaysayan (Tadiar 170). Pag-uulit ito ng kongklusyon sa huling bahagi: si Jo bilang maaaring makisali sa paglikha ng kasaysayan, hindi na lang pinangyayarihan nito. Balik kay Reyes, sa titular na kuwentong “Ilang Taon Na ang Problema Mo?” si Meynard na nag-union sa pabrika ng bakal: “May lakas pala siya” (Reyes, *Ilang Taon Na* 123), at isa ang welga sa mapagkukunan ng lakas na ito, isa ang welga sa espasyo upang maitanghal ang lakas na ito. May iba pang sityong mapagkukuhanan ng lakas. May mga pagkakataon upang ipamalas ang lakas: ang boykot sa paaralan (141) at isa pang welga ng mga manggagawa (146) sa “Roger, Roger.”

Sala-salabid ang mga relasyon, walang iisang direksiyon o pinagmumulan ang mga ugnayan. Hindi ito simpleng nayon laban sa lungsod, o nayon patungong lungsod, o vice versa. Markado ng iba’t ibang panloob na transisyon kapwa ang nayon at lungsod. Sa “Mga Anak ng Digma,” ang transisyon ni Danilo mula PMA tungong PUP (195) at ang kaakibat na pagbabago ng hinahangad: ekonomikong ginhawang pangako ng pagmimilitar tungong pag-aaral at politikal na pakikisangkot. Dalawang magkaibang pamantasang parehong nasa lungsod ngunit magkaiba ang mga halagahan at pangako. Tungkol pa rin kay Danilo, babanggitin ang paggalaw mula “silid-aklatan tungong lansangan (196-97), ang pagsali sa mga piket at ang pagdiskubre sa patak system (198-99) — mga munting pasilip sa ibang uri ng pamumuhay at pakikipag-ugnayan sa iba.

Ito ang sari-saring pamumuhay na pinasok, pinakinggan, at sinulat ng makati-ang-talampakang si Jun Cruz Reyes. Sa pagtatampok ng kanilang mga kuwento at boses, naipakita ang pagkaka-ugnay hindi lang ng mga lungsod at nayon kundi pati ng mga taong bumabaybay sa mga ito. Ginagalawan ito ng mga tao, at ginagalaw o binabago nila ang mga lunang ito ayon sa kanilang pananaw, layunin o interes. Mas tagamasid siya rito at tagapanayam. Wala masyado sa kanya ang limelight. Iba naman sa *Ang Huling Dalagang Bukid at ang Authobiography na Mali: Isang Imbestigasyon*. Dito, bida ang kaniyang bayan ng Hagunoy—lugar na babalik-balikan, takbuhan kung nakababaliw na nang husto ang Maynila, pangunahing sityo, imahen at metapora ng buong authobiograpiya na mali.

Sulat-Lakbay-Balik-bayan: Going Full Circle sa *Ang Huling Dalagang Bukid* at ang *Authobiography* na Mali: Isang Imbestigasyon

Babalik ako sa isang tingin kong susing sipi mula sa akda: “Nangangati na naman ang isip ko. Computer ang pinakamabisang panggamot sa kati ng utak. Gusto ko itong kausap. Gustong muling kamustahin ng paa ko ang lupa ng bayan ko” (*Ang Huling Dalagang Bukid* 192). Pansinin ang daloy, ang mga semantikong pagsasanga-sanga, ang mga kunekadong konotasyon: makating-isip (pati talampakan), paghahanap ng makakausap, paghahangad makasulat, pagnanais makabalik sa bayan ng Hagunoy. Magkakaugnay ang buhol-buhol na isip, utak, at paa, at ang paghahanap ng kausap, ang pagtapak muli sa bayang kinalakihan. Hagunoy itong bayang kinalakihan, bayang nagdudulot ng “kahit sandaling kapanatagan”? (3). Ilang pahina ang lilipas:

“Hindi naman talagang pen and ink ang gusto kong gawin. Ang gusto ko’y oil painting Ginagawa ko ito para maglibang, para tumakas. Ang talagang binabalak ko’y magsulat. Sana’y madaling balikan ang mga balak. Kung maaapuhap ko lang sana ang panatag kong kalooban” (32)

Sa maling authobiography na ito, magbabalik-balik si Reyes sa kanyang bayan habang tinatalunton rin ang masalimuot ng proseso ng kanyang paglikha: saan ito gagawin, ano ang papaksain, ano ang mga kondisyong bumubuo rito, paano ito ipagpapatuloy?

Tulad rin ni Jo sa *Tutubi*, *Tutubi*, maraming satsat at obserbasyon dito si Reyes, nakalugar sa kanyang paulit-ulit na pagbabalik, paglalakbay pauwi at paalis ng kinagisnang baryo. Narito ang pamilyar na pagbabagong-bihis ng “umuunlad” na nayon: nagiging sementado, nagiging gusali ang mga lupaing dating pinagtatamnan. Nagsulputan ang malls at golf course sa bayan ng Wakas; “umuunlad” na ito nang may panipi. Tanong-himutok ni Reyes: “Nasaan na ang bukid? Paalam, bukid” (17). Ang pamamaalam sa hinahanap ang sagot sa tanong ng paghahanap. Inunahan na ang sarili: wala na ang bukid.

Kaakibat ng pag-aasam sa bayang kinalakihan ang pag-aasam sa kapanatagan, pagkakataong magsulat, makalikha. Nang-aakit ang madaling tumbasan: pag-uunahan at pagpapagalingan sa mga siyudad, mas taimtim na paglikha sa nayon, sa bayan ng Hagunoy. Pasok sa una ang imahen ng paso at ang “awayang ewan”

(183) sa Departamento kung saan nagtuturo si Reyes: masikip, nagkakaapakan, nag-aagawan sa katiting na pagkakataong tumubo sa mumunting paso. Nagkakasakitan, sadya man o hindi (183). Nariyan rin ang imahen ng kakulangan ng suporta para sa mga malikhaing pag-aakda. Ang pagkakasya sa sulok ng fire exit “kapiling ng mga lamok” para makapagpinta (30-31). Ngunit tulad ng dapat inasahan, lulupasay rin ang mistulang kumbinyenteng tumbasan. Walang malinis na binaristikong tambalan, habang humaharap sa ligalig ang may-akda, nanliligalig rin ang kaniyang akda. Sa kabanata 8 “Sa Aking Mundo,” sa konteksto ng kanilang bahay sa Hagunoy, makikita rin ang parehong angal sa nilalamok na fire exit sa kampus. Mahirap makahanap ng lugar para sa pagsusulat (Reyes, *Ang Huling Dalagang* 58-62).

Higit sa kontradiksiyon sa pagitan ng lungsod at nayon, mas ang tensiyon ng kapanatagan at ligalig ang namamayani sa maling Authobiography na ito. Ang nakakalungkot para kay Reyes, sa ikalawang tunggalian ay mas nananaig ang ligalig. Sa unibersidad man sa lungsod o kapiling ng mga kapamilya, kababata at kabaryo sa nayon, sinusundan ng ligalig ang manunulat. Karugtong ng pagdadrama ukol sa ‘di mahanap na lugar at espasyong makapagsulat sa sariling bahay ang kahirapang makapagpahinga at makabuo ng mga ideya. “Tulad ng hinahanap na tulog, putol-putol at puta-putaki rin ang pagbubuo ng nobela sa isip . . . nasa isip pa lamang ay kailangan nang rebisahin” (62). Walang takas sa pumuputakting ligalig, kaya mainam na harapin na lang nang direktahan.

Sa mga nalalabing hitsura ng kinalakihang kalikasan sa Hagunoy, may ibang moda ng pagbabago. Hindi naman sila tuluyang nawala—naging semento na mala-now-you-see-it, now-you-don’t sa *Tutubi*, *Tutubi*—ngunit nag-iba sa ‘di kaaya-ayang paraan. “Ngayo’y postmodern na rin ang daloy ng naratibo ng ilog . . . sa halip na sa bundok nanggagaling ang tubig, sa dagat na” (15). Isa pa, “Tapos na ang panahon ng bangka at sagwan. Ang agos ng ilog ay naging hampas ng alon sa paghawi ng motor sa tubig” (149). Ika-21 siglo na nang lumabas ang akdang ito; paparating pa lang ang terminong “climate crisis,” at mas ginagamit pa ang “climate change.” Heto ang paggana sa iba’t ibang lokalidad ng mga naglalakihang salitang iyon; naisasakongkreto ng mga bundok na pinapatag, ng mga ilog at dagat na nilalanguyan ng mga de-motor at dambuhalang mga sasakyan.

Pero palagi, tigib sa taliwas. Bakit pa babalikan ang Hagunoy kung nawala na ang mga bukid, kung mga pangit na pagbabago ang dinaratnan? May mga alaala at

paalala pa rin ng mga minahal sa bayang ito—kapwa maaaring panghawakan kung nais makialam sa babagtasing direksiyon ng lugar. “Ang ilog ng Hagunoy ang nagturo sa aking lumangoy Nakakakita rin ako ng matatandang bahagyang lulubog para makadakot ng pinong buhangin na ipinansesepilyo sa ngipin Ang imburnal ay pinanggagalingan pa rin ng pagkain at kabuhayan at may naliligo pa rin” (Reyes, *Ang Huling Dalagang* 143). Hindi lang ito mga personal na alaalang binabalikan nang kumikinang-kinang ang mata; kakabit ng mga alaalang ito ang mga uri ng pamumuhay na nakitang buhay at umaatikabo, isinasapraktika. Narito ang mga pang-sepilyong hindi Sensodyne, ang “imburnal”—kaybahong salita?—na nilalangyan hindi ng mga burak o basura kundi—totoo ba!—“pagkain at kabuhayan,” at iba pang paalala ng lunang kinalakihan (143). Buhay ang Hagunoy hindi lamang bilang isang lugar, kundi bilang lunan ng mga pamamaraan ng pamumuhay. Nagbibigay pa rin ito ng puwang sa mga residwal o resistant na gawi; ibig sabihin ay labas sa dominanteng kaayusan at halagahan kung saan dakila ang komodipikasyong dulot ng mga panlabas na puwersa.

Maaari ring manggaling sa mga tao at sa ugnayan sa kanila ang halina ng isang lunan, hindi lang sa pisikal na hitsura nito, o sa pamumuhay ng mga tao rito. Higit na magkakalapit ang mga tirahan; magkakalapit rin ang mga magkakapitbahay. Pinapayabong nito ang ugnayan ng bawat isa sapagkat “ang pangangapitbahay ay akto rin ng pakikipagkapwa-tao” (85). Sumasabog sa mga relasyon, sa mga ideya ng pakikipagrelasyon, ang salitang “pakikipagkapwa-tao”: nariyan ang “kapwa”/ka-puwang at ang kadikit nitong “tao.” Nariyan din ang unlaping “pakikipag” na ginagawang mas aktibo ang mga kakabit na salita. May astring pandiwa itong pangngalan na ito: ang proseso ng pakikipag-ugnayan sa ating mga ka-puwang, sa ating mga kabaryo. At maaari rin itong ipag-iba sa negatibong diwang makikita halimbawa sa “Umuwi ka na nga Edel, kanina ka pa nangangapitbahay!” O sa siste ng mga tirahan sa lungsod—mga condo, mga paupahang yunit—matatawag pa ba silang mga “kapitbahay”? Parang hindi naman sila tinatawag na . . . “ka-condo” o kayunit? Wala nang pantawag sa kanila kundi mga simpleng estranghero, kung saan napakanipis ng posibleng pisi ng pakikipag-ugnayan.

Ang baryong binabalikan-iniirong ay baryo ring pinag-aalalahanan, hindi lang inaalala (kapwa sa diwa ng memory work sa “recall,” at ng “be concerned with”). Kinuwento ni Reyes “ang pagkamulat [niya] sa dahas. Binulabog ang baryo ng sunod-sunod na rat-tat-tat. Iyon ang unang putok ng armalite na narinig ng baryo” (Reyes,

Ang Huling Dalagang 107-08). Susundan ito ng pag-atake kay Matandang Luisa na isang mangkukulam, isa sa mga “lumang tao,” kasama ni Amang Uro na dating “tinyente ng baryo” (110). Pananda ng mga pagbabago sa baryo ang pagbabago sa estado ng, at pagpapahalaga sa mga tao rito. Ang dahas ay hindi lang simboliko at paunti-unti, maaari rin itong kasingbilis ng bigwas ng balisong, kasing-imbisibol ng balang nagmula sa ‘di malaman kung saan.

Sa gitna ng lahat ng ito, si Reyes, ang manlalakbay na manunulat na mananaliksik, nagugulumihan din, pumapansin at nagpapaigting sa mga kontradiksiyon. Sa pamamagitan ng pagtatawid-tawid niya mula lungsod tungong nayon, mula nayon tungong lungsod, naipapakita ang pagkakaugnay-ugnay ng mga puwang, at ng mga tao rito. Kasabay ng mga ganitong ugnayan, ang mga posibilidad ng pagiging salawahan, ng pagiging hindi sabay-sabay. Babanggitin niya halimbawa ang mga bagong tao, mga nakatuntong sa Maynila habang siya ay isang “taga-Maynila na nagpipilit maging probinsiyano” (120). Makakapa rin sa sumusunod na paglalarawan sa kaniyang sarili ang diwa ng dislokasyon, ang pagiging nasa alanganin: “Manunulat sa panahong oral?” (*Ang Huling Dalagang* 129). Manunulat sa panahong halos wala na raw nagbabasa. O ‘di kaya ay iba na ang binabasa ng mga tao, hindi na mga aklat o nobela, lalo pa ang mga maling “authobiograpiya.”

Sa kabila ng lahat ng ito, tumatawid-tawid pa rin si Reyes, namamangka sa ‘di lang dadalawang ilog, mala-Ferlinghetti na laging nangangahas maging baligho (1958), kahit posibleng mabalaho, akrobatikong naglalakad sa mga sinulid at alambre, niyayakap sa halip na tinatakbuhan ang mga nakalilito, ang mga nakakatakot, ang mga nakawawalang-gana. Binibigyang-puwang ang iba-ibang praktikanag nagsasalikupan at nagsasalpukan upang palutangin ang nagbabagong ugnayan ng mga puwang. Nagpapabalik-balik sa Hagunoy kahit na malalaman niyang nasa OB list siya ng militar—mas malala pa sa sinapit ni Jo! liwanan muna ang UP kung saan siya nagtuturo at nag-aaral at mapagkakamalang mamamatay na ng mga katrabaho.

Kaya nga walang malinis na tumbasan sa huli, meron lang mga masasalimuot na ugnayan. Hindi wastong sabihing walang kapintasan ang kanayunang Hagunoy kaya ito inaasam-asam balikan ng may-akda; dito nga raw siya unang namulat sa karahasan. Sa lungsod man o sa nayon, sa pamantasan man o pamayanan, may mga nang-uusig, may mga mapanghamong kondisyon. Ang mga sitwasyong ito ang haharapin, susubukang igpawan sa pamamagitan ng paglikha, ng pagsulat, ng

pakikipag-usap sa iba at pakikipagkapwa-tao. Magpapalaboy-laboy sa magkakaibang puwang na ito para mismo itampok ang pagkakaugnay nila sa isa't isa.

Kongklusyon: Ang Palaboy sa Multong-Modernidad

Paano ba ito lalagumin nang hindi babalikan ang palasak-pamosong pagbabantog sa kapangyarihan ng panulat? E 'di gawin nga mismo ito at palabukan ng mga bagong kislap at bagong diwa. Panulat ang kongkretisasyon ng lahat ng paglililiwaliw, paglalaboy-laboy at paglilimi ni Reyes dito sa autobiography na mali, sa interbyu sa mga lumalahok sa kilusang masa, at sa nobela tungkol sa panggigipit ng Batas Militar. Dito niya nabibigyang-katawan at nauusig ang mga napapansin niya sa paligid, at napag-iisipan tungkol dito. Sa mga napagmamasdan at napag-iisipan niya tungkol sa mga ito, mababasa ang mga piraso ng alanganing modernidad, mga multong-modernidad na binibida ang “pag-unlad” at ikinukubli ang mga karahasan at panunupil. Itong mga itinatago ang pinasisilip ng mga akda: ang mga militar at ang kanilang mga armalite, ang mga natutuyong ilog at nakakalbong mga bundok, mga dating batayang-serbisyon pinagkakakitaan na ngayon.

Kaya hindi bibitawan ang paglikha—at ang kaakibat na paglililiwaliw at paglalagalag—kahit napakaraming magulo at baligho sa harap ng minamahal niyang bayan ng Wakas sa Hagunoy, o bayan ng Pilipinas, o ng Bagong Lipunan. Hindi niya ito bibitawan kahit tinutugis na siya ng mga militar. Parang si Jo sa *Tutubi, Tutubi*. Parang si Mario sa “Alias Mario”: “bingi ang kanyang kanang tenga, pero naririnig pa rin ang tawag ng kaniyang panahon” (Reyes, *Ilang Taon Na* 68). Iyang mga nasa itaas na mismo ang paalalang hindi ito ang romantisadong panulat. Ito ang panulat na nililista sa mga OB ng armadong kasangkapan ng pamahalaan. Ito ang panulat na biningi na at pinasabugan sa tenga ay nagtatapang-tapangan din, nag-aapuhap ng tapang kahit saanman matagpuan.

Panulat itong magalaw at kumikislot-kislot, mapagmasid at mapagtanong, nakalunan sa maraming lunan ng lungsod at nayon, sinasapol-kapa ang mga ito habang binibigyang-hugis rin ng mga ito. Panulat itong nakarating na sa wakas, sa dulong batbat ng mga panibagong pag-iisipan, at mga bagong pakikipagtalaban. Panulat itong hinahandugan ng “modernidad” subalit hindi nagpapabulag dito: uusaling parang may mali, igigiit na may problema, kikilalanin ang mamang salbahe at sisikaping hindi magpahuli sa mga ito.

Mga Tala

- 1 Sa isang blog post ni Mong Palatino, makikita kung paanong nagtatagpo ang mistulang hindi akmang mga aytem na ito: bakasyunista at mananaliksik: “we should not deny the obvious advantage of travel for those who need to be rescued from lethargic parochialism and sedentary lifestyle. Travel is an antidote to learned complacency; the search for the new amid the dullness of the selfsame” (2016).
- 2 Bagaman “Hagonoy” ang opisyal na pangalan ng munisipyo, sinusundan ko ang baybay na “Hagunoy” na ginamit ni Reyes sa akda.
- 3 Isang mahalagang anekdota mula sa *Kasaysayang Panlipunan ng Maynila, 1765-1898* ni Camagay na nagbibigay tekstura sa pakikipaglaban ng mga Pilipino: “pag may tinamaan, may agad papalit na hahawak sa baril (Camagay 204).
- 4 “Activist” mula sa glosaryo ng mga terminong kaugnay ng Batas Militar na lumabas sa *Sunday Inquirer Magazine* noong Setyembre 2012, apatnapung taon matapos ang deklarasyon ng Batas Militar. Mula sa parehong isyu, isang panayam kay Satur Ocampo, kung saan nailarawan ang pagiging aktibista niya noong dekada ‘50, at pagiging isa sa tagapagtatag ng Kabataang Makabayan habang nagtatrabaho rin bilang peryodista noong kalagitnaan ng dekada ‘60 (Zamora 8). Mahalagang butil ng kaalaman: hindi lang galing sa sangkaestudyantehan ang mga aktibista; maaari rin silang manggaling sa iba’t ibang sektor ng lipunan (mga propesyunal, mga katutubo, mga maralitang tagalungsod, at iba pa).
- 5 Interteksto mula sa progresibong awitin (1): sa “Tinik sa Lalamunan” ng Slumberparty: “Kumander Liwayway, sa digmaa’y naka-lipstick pa.” May afinidad sa pamosong si Maita Gomez, dating beauty queen na naging Amasona kinalaunan. Sa pigura ni Kumander Liwayway, naipagsasama ang dalawang bahagi ng nangyaring transisyon: kayang pagsabayin ang pagpapagandang pisikal at paghawak ng armas.
- 6 Interteksto mula sa progresibong awitin (2): galing sa “Iskolar ng Bayan” ni Gary Granada: “wag ninyong hayaan ang inyong pag-aaral/ ay makasagabal sa inyong edukasyon” (1997).

Mga Sanggunian

- Alatas, Farid Syed. *Alternative Discourses in Asian Social Sciences: Responses to Eurocentrism*. Sage, 2006.
- Barbaza, Raniela. *An Orosipon Kan Bikolonon: Interrupting the Philippine Nation*. U of the Philippines P, 2017.
- Camagay, Maria Luisa T. *Kasaysayang Panlipunan ng Maynila, 1765-1898*. Lungsod Quezon: M. L. T. Camagay, 1992.
- Easter, Makeda. "Border Patrol threw away migrants' belongings. A janitor saved and photographed them." *Los Angeles Times*, 2 Dis. 2019, www.latimes.com/entertainment-arts/story/2019-12-02/tom-kiefer-exhibition-el-sueno-americano. Accessed 22 Dec. 2023.
- Ebert, Teresa, at Mas'ud Zavarzadeh. *Class in Culture*. Routledge, 2008.
- Eliserio, U Z. *Kami sa Lahat ng Mataba*. UST Publishing House, 2016.
- Elkin, Lauren. *Women Walk the City in Paris, New York, Tokyo, Venice, and London*. Farrar, Straus and Giroux, 2017.
- Ferlinghetti, Lawrence. "Constantly Risking Absurdity (#15)." *Poetry Foundation*. www.poetryfoundation.org/poems/52319/constantly-risking-absurdity-15. Accessed 22 May 2024.
- Godden, Richard. "Money and Things: Capitalist Realism, Anxiety, and Social Critique in Works by Hemingway, Wharton, and Fitzgerald." *A Companion to the Modern American Novel*, Blackwell Publishing, 2009, pp. 181-200.
- Granada, Gary. "Iskolar ng Bayan." *Youtube*, uploaded by Gary Granada, 18 Aug. 2016, www.youtube.com/watch?v=VyPtN5aWG9A. Accessed 23 Sept. 2024.
- Kwan, Mei-Po. "Beyond Difference: From Canonical Geography to Hybrid Geographies." *Annals of the Association of American Geographers*, vol. 94, no. 4, 2004, pp. 756-63.
- Leigh, Mike, direktor. *Naked*. Simon Channing Williams, 1993.
- Marx, Karl. "Speech at Anniversary of the *People's Paper*." *Marxists Internet Archive*. www.marxists.org/archive/marx/works/1856/04/14.htm. Accessed 15 May 2024.
- Palatino, Mong. "Want to Travel but Got No Cash? Keep Calm and Think about Kant." *Mong Palatino*, 12 June, 2016, mongpalatino.com/2016/06/want-to-travel-but-got-no-cash-keep-calm-and-think-about-kant/. Accessed 20 Sept. 2024.
- Pante, Michael. *A Capital City at the Margins: Quezon City and Urbanization in Twentieth-Century Philippines*. Ateneo de Manila U and Kyoto UP, 2019.
- Parkhurst-Ferguson, Priscilla. "The Flaneur On and Off the Streets of Paris." *The Flaneur*, edited by Keith Tester, Routledge, 1994, pp. 22-42.
- Reyes, Jun Cruz. *Ilang Taon na ang Problema Mo?*. Anvil, 1995.
- _____. *Tutubi, Tutubi, 'Wag Kang Magpahuli sa Mamang Salbahe*. U of Philippines P, 2004.
- _____. *Ang Huling Dalagang Bukid at ang Authobiography na Mali: Isang Imbestigasyon*. Manila: Anvil, 2011.
- Slumberparty. "Tinik sa Lalamunan." *Agimat.net*. agimat.net/slumberparty-tinik-sa-lalamunan/. Accessed 22 Sept. 2024.

- Solnit, Rebecca. "Walking After Midnight: Women, Sex, and Public Space." *Wanderlust: A History of Walking*. Penguin, 2001.
- Suganob, Jesa at Vince Imbat. *So We Must Meet/Apart*. Bangkô, 2023.
- Tadiar, Neferti. *Things Fall Away: Philippine Historical Experience and the Makings of Globalization*. Durham: Duke UP, 2009.
- Tester, Keith. "Introduction." *The Flaneur*, edited by Keith Tester, Routledge, 1994, pp. 1-21.
- Yepez, Heriberto. *Transnational Battle Field*. Oakland: Commune Editions, 2017.
- Zamora, Fe B. "Martial Law: 40 Years After." *Sunday Inquirer Magazine*, Sept. 1, 2012.

Nagtuturo si **Ivan Emil A. Labayne** (ialabayne@up.edu.ph) sa Department of Humanities, College of Arts and Sciences ng UP Los Baños habang kumukuha ng PhD sa Philippine Studies sa UP Diliman. May MA siya sa Language and Literature mula sa UP Baguio kung saan rin niya itinayo ang *Pedantic Pedestrians* kasama ang mga kaibigang manunulat. Siya rin ang awtor ng *Beckoning Baguio: A Decade of Walking in a City of Pines*.